IJMERI Journal

Volume 01 Issue 04 | November 2023

Article 15

E- ISSN: 2980-4760
P- ISSN: 2980-4752

DOI: 10.17613/h3sc-n058

# Programang Pampananaliksik Tungo sa Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino

**Leonora F. de Jesus**
leonora.dejesus@bulsu.edu.ph
Associate Professor V, Bulacan State University
Bulacan, Philippines

**Niña Lilia Javier**
ninalilia.javier@bulsu.edu.ph
Principal, Bulacan State University
Bulacan, Philippines

**Al Vincent Mendiola**
alvincent.mendiola@bulsu.edu.ph
Faculty, Bulacan State University
Bulacan, Philippines

**International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation** is an international peer-reviewed academic journal that highly values the importance of developing knowledge in multidisciplinary educational and innovative research. The journal's scope is broad, with the goals of disseminating information and providing a place for discussion, theoretical inquiry, practical applications, research discoveries, and experimentations in the field of education.

**Recommended Citation**
De Jesus, L., Javier, N. L., & Mendiola, A. V. (2023). Programang Pampananaliksik Tungo sa Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 1*(4), 213-227. https://doi.org/10.17613/h3sc-n058.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon. An appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made are indicated.



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation

ORIGINAL ARTICLE

# PROGRAMANG PAMPANANALIKSIK TUNGO SA INTELEKTWALISASYON NG WIKANG FILIPINO

**Leonora F. de Jesus[1], Niña Lilia Javier[2], Al Vincent Mendiola[3]**

[123]*Bulacan State University, Bulacan, Philippines*




**Received:** August 2023

**Revised:** September 2023

**Accepted:** October 2023

**Available:** November 2023

**ABSTRAK**

Isang patuloy na hamon sa wikang Filipino at sa mga gumagamit nito sa panahon ng pandemya ang pagpapayabong ng kultura ng saliksik. Sa kabila ng iba't ibang modalidad ng pagkatuto ng mag-aaral, tinukoy ng pag-aaral na ito ang mga paraan ng guro sa pagtuturo ng Pananaliksik gayundin naitala ang kanilang karanasan at natukoy ang hamon at suliranin na kanilang kinaharap. Penomenolohikal na pagsusuri ang disenyong ginamit sa pag-aaral na tumuon sa pagsukat at pag-aanalisang tematiko ng mga tugon. Inilahad ng pag-aaral na ito na malaking suliranin ng guro at mag-aaral ang mahinang koneksyon ng internet, subalit nagampanan pa rin ng bawat isa ang kani-kanilang tungkulin; ang maghatid ng impormasyon sa bahagi ng guro at unawain ang mga ito sa panig naman ng mag-aaral nang sa ganoon ay makabuo ng papel-pampananaliksik sa wikang Filipino. At bilang tugon sa pangangailangan ng mag-aaral gayundin ang maisulong ang intelektwalisasyon ng Wika, may mungkahing programa na inilaan sa patuloy na pagpapalakas ng wikang Filipino.

***Susing-salita:*** *intelektwalisasyon, estratehiya ng pagtuturo, pananaliksik, programa, wikang Filipino*

## PANIMULA

Ayon sa sanaysay ni Arao (2010) na binanggit ni Santos (2021), "Ang wikang Filipino raw ay pangkubeta na lang". Diumano ay hindi nagagamit ang wikang Filipino sa intelektuwal na pakikipagtalastasan maging sa mas malalim na pananaliksik. Hindi mapasusubalian ang pahayag na ito dahil noon pa man ay mababa na ang tingin sa wikang Filipino. Kinakitaan nang pagbagal na pag-usad ng wikang Filipino ay noong mapasinayaan ang paggamit ng Filipino bilang pamalit sa Ingles na naitalka sa Executive Order No. 335 s, 1988.

Mas bumagal pa ang pagsulong nito noong ipinatupad ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 210 serye 2003, na nagpahintulot sa wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo. Nakakalungkot isipin na patuloy ang pamamayagpag ng Ingles at naiiwan ang wikang kinagisnan. Subalit, hindi mapapalitan ng Ingles ang Filipino hanggat hindi napatutunayan ang wikang Filipino ay naintektwalisa. Magiging hakbang sa pag-intelektwalisa ng wika ang pagbuo ng pananaliksik at paglimbag ng mga mga dyornal sa mahalagang larangan. Dagdag pa rito, isang hakbang pasulong ang maitatak ang salitang istandardisasyon ng wika upang patuloy na maisulong at magkaroon ng iisang sistema sa paggamit ng wika sa anumang larangan. Radikal ang pagbabago sapagkat nakasalig ito sa katwirang sosyo-pulitikal-kultural (Fortunato, 2021). Nakatitiyak tayo na ang reporma ay tutugon sa pangangailangan ng bagong panahon at uri ng mamamayang gagamit ng binagong wikang panlahat.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Ang pagpapalaganap ng kultura ng pananaliksik sa wikang Filipino ay patuloy na pagsubok. Ayon kay Batan (2015), ang pagsusuri sa paggamit ng wikang lokal at Filipino sa pananaliksik ay may malaking importansya bilang bahagi ng pagpapalaganap ng Sosyolohiya na nagmumula sa mga pinagmulan ng datos. Sa talaan ni Demeterio III at Mariz (2015), nabigyan-diin ang ugnayan ng wika, pananaliksik, at internasyonalisasyong akademiko. Inilahad nila ang hindi kanais-nais na reputasyon na kinukuha ng mga Pilipinong institusyon sa mataas na edukasyon sa global na ranggo ng mga pamantasan sa Asya at iba pang mga bansa. Inihayag din ni Petras (2016) ang mahalagang papel ng wikang Filipino bilang isang midyum ng komunikasyon para sa mga Pilipino, anuman ang kanilang lokasyon sa loob o labas ng bansa. Binanggit din niya na may mga bansa tulad ng Hapon, Estados Unidos, Pransya, at Rusya na may mga programa para sa pag-aaral ng wikang Filipino. Dahil dito, mahalaga na simulan ang pananaliksik sa Wikang Filipino at ang pagtutok nito sa iba't ibang disiplina bilang pundasyon ng interdisiplinaryong pagsasaliksik.

Sa pag-ikot ng daigdig ay hindi inasahan na ang pandemya na nagdulot ng malaking pagbabago sa sistema ng pagkatuto at pagtuturo Gayunman, hindi nito naantala ang pagpapalaganap ng edukasyon. Nagbibigay-katibayan ang Kagawaran ng Edukasyon (2020) ng kanilang buong pagsang-ayon sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon. Sa ilalim ng programa ng Sulong Edukalidad, kanilang ipinagpapatuloy ang kanilang dedikasyon habang hinahanda ang sistema ng edukasyon para sa hinaharap. Sa paglunsad ng kanilang komprehensibong Learning Continuity Plan (LCP), kanilang itinataguyod ang masusing pagsasaayos ng kurikulum, pagsusuri sa mga materyales sa pag-aaral, at pagbibigay-suporta sa mga guro at mga magulang upang makayanan ang mga hamon. Ang mga guro ay patuloy na sinusubukan sa pamamagitan ng mga Pagsasanay upang maging handa sa bagong "normal" na sistema ng edukasyon. Kaakibat nito, patuloy pa ring isinasagawa ang implementasyon ng K to 12 na kurikulum, kung saan isa sa mga asignatura ay ang Filipino na Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto tungo sa Pagsulat ng Pananaliksik. Isang kahingian ng asignaturang ito ang makasunod ang mga mag-aaral sa maayos na pagsulat ng pananaliksik gayundin ang makabuo ng isang maikling napapanahong pananaliksik (Kto12,2013). Na ang guro ay nararapat na makapagpapamalas ng kasanayan sa pananaliksik sa Filipino batay sa kaalaman sa oryentasyon, layunin, gamit, metodo, at etika ng pananaliksik.

Kahit may pandemya at iba't ibang modalidad ng pag-aaral, mahalagang suriin ang mga pamamaraan ng pagtuturo ng pananaliksik ng mga guro at madokumento ang kanilang mga karanasan. Ito ay upang matunton ang mga hamon at mga suliranin na kanilang kinaharap sa pagtuturo ng pananaliksik sa kasalukuyang panahon ng pandemya.; nang sa ganoon makabuo ng mga programa at interbensyon na tutulong sa higit pang intelektwalisasyon ng paggamit ng wikang Filipino partikular sa larangan ng Pananaliksik.

## Mga Katanungan sa Pananaliksik

Naiaangat ang Filipino sa antas ng pagkakakilanlan sa larangan ng Pananaliksik sa panahon ng Pandemya.

1. Natutukoy ang mga estratehiya sa pagtuturo ng Pananaliksik tungo sa intelektuwalisasyon ng Filipino sa panahon ng Pandemya.
2. Nailalahad ang mga karanasan ng mga guro at mag-aaral sa pagtuturo at pagkatuto ng Pananaliksik sa panahon bago at habang may pandemya na magiging batayan sa pagpapataas ng kalidad ng Filipino.
3. Nakabubuo ang departamento ng programang pampananaliksik na hihikayat sa mga guro na mapaigting ang kaalaman sa pagtuturo ng Pananaliksik sa Filipino may pandemya man o wala.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik ay gumamit ng deskriptibong metodo sa anyong penomenolohikal na pagsusuri. Ang mga katanungan ay natugunan sa pamamagitan ng talatanungan at tseklist Ang iskalang Likert ay ginamit rin na panukatan; gayundin naman ang pagkuha ng mean at standard deviation.

Ang mga karanasan ng guro sa pagtuturo ng Pananaliksik ay tinukoy rin. Sakop nito ang magagandang pangyayari, suliranin, hirap, pasakit at hamon na dinanas ng mga guro habang nagtuturo bago at habang may pandemya. Tatlumpong guro ang boluntaryong kinapanayam ng mga mananaliksik via google meet. Sa kabilang banda, dalawampung boluntaryong mga mag-aaral ang kinapanayam din upang matukoy ang kanilang mga karanasan sa pag-aaral ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng disenyong kwaliteytiv-pag-aanalisang tematiko ng mga naitalang koda, natukoy ang karaniwan at pagkakahawig ng sagot. Ang presentasyon ay ginawa sa pamamagitan ng graf, talahanayan at naratibong teksto. Mula sa resulta, bumuo ng programang pampananaliksik na naglalayong paigtingin ang kanilang kaalaman sa pagtuturo ng Pananaliksik sa Filipino.

### Respondente sa Pananaliksik

Tatlumpung (30) guro mula sa iba't ibang pampublikong paaralan ang tagatugon ng pag-aaral na ito. Mula sa naitalang datos, 19.2 na bahagdan ng gurong kalahok ang nakapagtapos na ng Master's degree sa Filipino at mahigit 20 bahagdan ang kasalukuyang kumukuha ng nasabi ring digri. Gayundin, karamihan ay may karanasan na sa pagtuturo ng nasabing asignatura; 80 na bahagdan ng mga guro ay may nadaluhan ng palihan sa paggamit ng estratehiya ng pagtuturo. Halos lahat ay kasalukuyang gumagamit ng blended learning dahil ito ang mandato ng Kagawaran na kanila namang sinusunod.

### Instrumento sa Pananaliksik

Tinukoy ng tseklist ang mga estratehiya na ginagamit ng mga gurong kalahok sa pampublikong paaralan na nagtuturo ng Pananaliksik sa antas 11. Ang mga estratehiya ay inilatag sa istilong talatanungan sa pamamagitan ng pag-tsek sa kolum (1-5) sa antas ng paggamit nila ng mga estratehiya at pagtugon sa ilang mga katanungan. Ang pagbabalangkas ng talatanungan ay binuo mula sa umiiral na pag-aaral at panitikan na may kaugnayan sa mga estratehiya ng pagtuturo. Ito ay binuo ng mga mananaliksik; ipinasuri at dumaan sa validasyon ng mga eksperto sa larangan ng pananaliksik at wika. Nasuma ang kaangkupan nito sa pamamagitan ng Cronbach alpha na .80 na nangangahulugang katanggap-tanggap ang instrumento.

## RESULTA AT DISKUSYON

**1.Mga estratehiya sa pagtuturo ng Pananaliksik sa panahon ng Pandemya.**

| Estratehiyang Online sa Pagtuturo ng Pananaliksik | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| a) AUTHENTIC COURSE MATERIALS<br>Ang guro ay nagbibigay/ gumagabay | **4.35** | Napakadalas |
| b) online forum at mga bord ng talakay | 3.92 | Napakadalas |
| c)naitalang panayam/podcast/ vidyo | 3.69 | Napakadalas |
| d)brodkas sa radyo | 2.96 | Madalas |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| e) mga clip ng dyaryo | 3.11 | Madalas |
| f) interaktiv na mapa | 3.38 | Madalas |
| g) sipi mula sa aklat | 4.30 | Napakadalas |
| h) web o limbag na komiks | 3.46 | Madalas |
| i)live na pag-uusap, individwal o buong kurso | 4.30 | Napakadalas |
| j) streaming video platforms | 3.73 | Napakadalas |
| k) paunang naitalang lektura | 4.03 | Napakadalas |
| l)microsoft powerpoint presentations | 4.81 | Lubhang napakadalas |
| m) komunikasyon sa email | 4.23 | Napakadalas |
| n) google drive at mga katulad na kasangkapan | 4.58 | Lubhang napakadalas |
| o) suportang offline tulad ng tutorial | 3.34 | Madalas |
| p) Gawaing batay sa mga Suliranin | 4 | Napakadalas |
| q) Pagmamapa ng kaisipan | 3.92 | Napakadalas |
| r) Adaptiv na pagkatuto | 3.92 | Napakadalas |
| s) Pagpuno sa mga kakulangan | 4.19 | Napakadalas |
| t) Disenyong Instruksyonal | 4.07 | Napakadalas |
| u) Pagsasanay sa pamamagitan ng pag-arte | 3.46 | Madalas |
| v) Simulasyon at laro | 4 | Napakadalas |
| **Mean** | **3.90** | **Napakadalas** |

***Talahanayan 1: Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pananaliksik (Ikalawang Bahagi)***
**(Unang Bahagi)**

Makikita sa Talahanayan 1 na ang microsoft powerpoint presentations ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.81kasunod ang google drive at mga katulad na kasangkapan na may mean na 4.58 na may parehong interpretasyong Lubhang Napakadalas. Ang natitira ay may interpretasyong Napakadalas at ang d) brodkas sa radio at mga e) mga clip ng dyaryo naman ay may intepretasyong Madalas. Sa mga makrong lumalabas na higit na gamitin ang panunuod dahil lahat ng kasanayan ay nakapaloob na rito.

Sa kasalukuyan mas bukas at lantad ang mga mag-aaral at guro sa teknolohiya kaya lumabas sa resulta ang napakadalas na paggamit sa software application. Mas madaling gamitin ang Microsoft powerpoint presentations at google drive at mga katulad nito. Sa pag-aaral ni Gomez (2021), tinalakay niya na ang “bagong paaralan” ay may kapasidad na tumukoy ng tamang kultura sa paggamit ng pedagohiya; na ang mga bagong guroay kayang humarap sa mabigat na hamon ng pagbabago, na laang magbigay ng panahon nang mapag-aralan ang angkop na teknolohiya: may talino sa paggabay, pagtuturo at paglinang sa mga mag-aaral mula sa pagbibigay ng impormasyon tungo sa pagkaunawa dito at pagkalap pa ng higit na karunungan. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay tumugon sa pahayag ni Gomez (2021); na kinakayang makiayon ng mga guro sa hinihinging pagbabago ng panahon.

| Estratehiya | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| *STUDENT CREATION OF CONTENT AND REFLECTION*<br>Sa gabay ng guro, ang mga mag-aaral ay: | | |
| a. Nakalilikha ng mga digital na kwento tulad ng kwento sa larawan o powerpoint | 4.27 | Napakadalas |
| b. Nakapagbabasa ng mga teksto at artikulong kritikal | 4.31 | Napakadalas |
| c. Nakagagawa ng maikling presentasyon | 4.23 | Napakadalas |
| d. Nakapagdedebate sa online | 3.81 | Napakadalas |
| e. Nakapagsasagawa ng malayang talakayan *online* | 4.31 | Napakadalas |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| f. Nagagawa ang pagtatagpi-tagping pagsusulit | 3.85 | Napakadalas |
| g. Nakakapagpaskil ng talakayan | 3.85 | Napakadalas |
| h. Nakapagbubuod ng tema | 4.12 | Napakadalas |
| i. Nakabubuo ng pagsubok sa mga praktikal na kasanayan at kaalaman | 4.12 | Napakadalas |
| j. Nakahahanap ng mga katiwa-tiwalang sanggunian | 4 | Napakadalas |
| **Mean** | **4.08** | **Napakadalas** |

**Talahanayan 2: Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pananaliksik (Ikalawang Bahagi)**

Mula sa mga datos na ipinakikita ng Talahanayan 2, ang (e) Malayang talakayan *online at* (b) *Magbasa* ng mga teksto at artikulong kritikal ay parehong nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.31 at may interpretasyong *Napakadalas*. Kasunod ang iba pa na may gayon ring interpretasyon.

Kaugnay sa pagbasa ng teksto, ipinakilala ni Perez (nd), mula kay Raanco (2002), ang mahalagang papel ng pagbasa sa proseso ng pag-aaral ng isang mag-aaral. Dagdag dito, itinatampok na ang mga mag-aaral na may magandang kasanayan sa pagbasa ay may mas mataas na kakayahan sa pag-aaral dahil sa kanilang masusing pang-unawa at komprehensyon sa nilalaman ng mga aralin.Sa konteksto ng teknolohiya, ito rin ay may malalim na kahalagahan sa pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng pandemya. Dagdag pa rito, nag-aambag ito sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman na magiging kapakinabangan ng mga susunod na henerasyon.

Pinatutunayan ng mga datos na ang malayang talakayan online at pagbasa ng mga teksto at artikulong kritikal ay patuloy na nagagamit bilang mahalagang kasangkapang pangkomunikasyon kahit sa plataformang online. Patuloy na nalilinang ang bukas na kaisipan sa pagtanggap ng mga ideya hinggil sa paksang tinatakay. Natutulungan ng mga online discussion na maghanda ang guro at mag-aaral para sa klase, matuto ng mga kasanayan sa talakayan, magpraktis ng mga kasanayan sa pagsulat, at matuto rin mula sa iba (Online Discussions, 2012). Hindi pa rin nawawala ang paglikha ng mga digital na kwento na gumagamit ng mga larawan o powerpoint. Gayundin ang pagsulat ng buod ng tema at pagsubok ng mga praktikal na kasanayan at pangkaalaman nang malayuan ay napakadalas ding gamitin. Ipinakikita na sa plataformang online, ang debate ay hindi gaanong naisasagawa ng mag-aaral. Ito ay dahil sa mahinang internet connection, kawalan nang maayos na gadget, mahinang audio at iba pang mga salik sa mga hadlang sa daloy ng debate. Hindi tulad sa pisikal na gawaing pangklase, ang debate ay naisasagawa nang tuluy-tuloy at walang hadlang. Lumabas sa pag-aaral ni Mutiaraningrum et al. (2015) na may potensiyal ang debateng online sa pagkatuto ng mga kalahok nito. Bagaman may mga hamon na naitala ang nasabi ring pag-aaral tulad ng pagkaantala ng mga sagot sanhi ng kahinaan ng koneksyon ng internet, pagkalito at teknikal na problema sa pag-sign up at pagpo-post ng mga mensahe.

Sa kabuuan, ang mga nabanggit na mga student creation content at reflection ay napakadalas gamitin ng mga mag-aaral sa gawaing pangklase.

**Talahanayan 3: Ang Standard Deviation at Error ng nakuhang Mean**

| Grand Mean | Standard deviation | Standard error |
|---|---|---|
| 3.96 | 0.409 | 0.0723 |

Ipinakikita ng Talahayan 3 ang Standard Deviation at Error na nakuha mula sa mean. Lumabas sa kabuuang datos ang grand mean na 3.96 na may standard deviation na 0.409 at 0.0723 na standard error. Ang resulta ng standard deviation na ito ay maliit kung kaya't dagliang matutukoy na ang tugon ay halos magkakadikit o hindi nagkakalayu-layo. Sa madaling sabi, ang kanilang pananaw ay halos magkakatulad lamang.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**2. Mga Karanasan ng guro at mga mag-aaral**

**A.1 Karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Pananaliksik bago at habang may pandemya**

**1.1 Madalas na paghahanda na ginagawa ng guro bago magturo ng Pananaliksik**





***Figura 1***
***Paghahanda ng Guro sa Pagtuturo ng Pananaliksik***

Ipinakikita ng graf na mahigit sa kalahati ng mga kalahok ang kumukuha ng halimbawa ng pananaliksik mula sa internet bago ituro ang paksa. May ilan ang nagbabasa ng aklat at gumagawa ng sarili nilang lektura at pananaliksik upang magsilbing materyales at lunsaran sa pagtuturo. Ang datos ay nagpapatunay na bukod sa sariling halimbawa ng guro ay kumukuha pa sila ng karagdagang kaalaman at lektura mula sa iba. At dahil sa kalagayang pandemya ng bansa, isinasagawa na lamang ng mga guro ang paghahanap na ito gamit ang kompyuter at internet. Binanggit nina Sammons at Bakkum (n.d.) na upang matamo ng mag-aaral ang wastong pagkatuto at masabi na rin na tagumpay ang guro sa kanyang pagtuturo kinakailangang pagtuunan niya ng pansin ang pangangailangang- pang akademiko, interes at iba pang suliranin ng mag-aaral sa paksang tinatalakay. Katangian din ng guro na maalam siya sa nilalaman ng kanyang ituturo (Guro Ako Admin, 2017) kaya naman mahalaga na may panahon siyang mangalap ng mga halimbawa at lektura sa libro o online. Ang pagnanais ng guro na gumamit ng ibang pamamaraan at kumuha ng mga bagong ideya sa pamamagitan ng iba pang saliksik ay malaking bagay upang maituro niya nang tama ang paksa (Stafford, 2006). Mapapansin sa graf na hindi ganoon kalaki ang bahagdan ng mga guro na nagsasagawa ng pananaliksik.

> *"Marami namang halimbawa sa internet, maghahanap na lang ako ng sample tsaka nakalimutan ko na kung paano muli magsulat"*
> *"Hindi ako masyadong maalam sa pananaliksik, tsaka ang daming trabaho, hindi na kaya ng iskedyul ko"*

Mapapansin na may ilang nakalimot na sa paraan ng pagsulat; kung hindi naman ay natabunan na sila ng maraming gawain; may ilan na hindi na nabibigyan ng pansin ang gumawa pa ng pananaliksik; sa halip ay umaasa na lamang sila sa internet. Iginiit din ng ilang guro na kahit noong walang pandemya ay ganito na rin ang kanilang ginagawa sa kadahilanang personal at propesyunal.

Isang pag-aaral sa Indonesia ang tumukoy sa kakayahan ng mga guro sa pagbuo ng paksang pampananaliksik na ibinatay sa mga suliraning pang silid-aralan. Ang apatnapu't dalawang kalahok na guro ay sumailalim sa worksyap bago inatasang bumuo ng sari-sariling paksang magiging tuon ng pag-aaral. Natukoy ng nasabing pananaliksik na ang karamihan ay hindi nakabuo ng maayos na pormulasyon ng paksang pampananaliksik dahil sa kakulangan ng karanasan sa pagsulat at pagbuo ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

pananaliksik (Prasetyo et al., 2020). Ang resulta nang kanilang pag-aaral ay hindi nalalayo sa karanasan ng mga gurong kalahok; sa oras na makapasok na sa institusyon ang guro nakaabang na ang maraming tungkulin kung kaya naman ang pananaliksik ay hindi na nabibigyan ng sapat na panahon na nagiging dahilan sa kawalan nila ng karanasan sa pagsulat nito.

**1.2 Mga paksa ng Pananaliksik na madali at nahirapang naituro ng guro sa panahon ng pandemya**

**Talahanayan 4: Mga Paksa ng Pananaliksik na madali at mahirap na naituro**

| ***Paksa ng Pananaliksik na madaling naituro ng guro sa panahon ng pandemya*** | Freq | Rel Freq. |
|---|---|---|
| paghanap ng paksa at pagbuo ng pamagat | 18 | 0.6 |
| pagbuo ng pangunahin at tiyak na mga layunin/ suliranin | 7 | 0.23 |
| pagsulat ng mga kaugnay na panitikan at pag-aaral | 3 | 0.1 |
| pagtalakay ng metodolohiya | 2 | 0.067 |
| ***Paksa ng Pananaliksik na nahirapang ituro ng guro sa panahon ng pandemya*** | | |
| paghanap ng paksa at pagbuo ng pamagat | 2 | 0.067 |
| pagbuo ng pangunahin at tiyak na mga layunin | 1 | 0.033 |
| pagsulat ng kabanata 1 | 4 | 0.133 |
| pagsulat ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral | 4 | 0.133 |
| pagtalakay sa metodo | 15 | 0.5 |
| pagbuo ng resulta ng pag-aaral at konklusyon | 4 | 0.133 |

N= 30

Ipinakikita ng talahanayan 4 na labingwalo (fN0.6) sa mga respondent ang nagsabi na paghahanap ng paksa at maging pagbuo ng pamagat nito ay sadyang madaling ituro gayundin madali ring naisagawa ng kanilang mag-aaral. Subalit may agam-agam sila na hindi ganoon kawasto ang pamagat na nabuo ng mga mag-aaral dahil sila mismo ay nawawalan ng tiwala sa sarili kapag pananaliksik na ang pinag-uusapan. Sa kabilang banda, upang matiyak na magtatagpo ang tugon ng mga guro sa madali at mahirap na naituro, tinanong sila ng direkta sa kung ano ang mahirap na paksa para sa kanila. Mahihinuha sa talahanayan 6 na labinlima (fN0.5) ang tumukoy na pinakamahirap ituro ang metodolohiya ng pananaliksik. Ito rin ang may pinakamababang bilang na dalawa (fN 0.067) na tumutukoy bilang pinakahuli sa talaan ng madaling ituro. Samakatuwid, ang resulta ay nagtagpo.

Sa pagtuturo ng tula, tinukoy ni Coroza (2020) na ang inobasyon ang pinakamahirap ituro subalit maituturo. Samantala, sa mga makrong kasanayan, ang pagsulat ay isa sa pinakamahirap na ituro. Ang pagsulat ay kailangang ituro at natututunan sa tama at takdang panahon (Course Hero,2019). Ilan lamang ang tula at pagsulat sa mahihirap iturong paksa. Hindi ito agad natututunan kung hindi sapat ang datos na mayroon ang guro. Mahihinuha na kahit mahirap ituro ang isang paksa kung may pagnanais ang guro na mabigyan ng tamang impormasyon ang mga mag-aaral ay ang guro na mismo ang magsisikhay sa paghanap nito nang may maibahagi siya sa kanyang mag-aaral. Gayundin, may mga paksa sa larangan ng pananaliksik na maaaring maging komplikado subalit posible pa ring maipabatid sa mga mag-aaral sa tamang paraan.

Sa artikulo ni Beare (2018), naghain siya ng mahalagang tanong na dapat masagot ng guro sa sarili niya bago magturo ng gramatika: "paano ko ituturo ang balarila? Kung iuugnay ito sa pagtuturo ng pananaliksik, mainam na ikonsidera ang mahalagang tanong ni Beare (2018) bago magsimula ng pagtuturo "paano ko matutulungan ang mga mag-aaral na matutunan ang pananaliksik na kailangan nila." Nang sa ganoon, ang guro ay makapaglalaan ng oras na makabuo ng papel pananaliksik sa kabila ng mabigat nilang trabaho.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

### 1.3 Pangunahing suliranin sa pagtuturo ng Pananaliksik sa panahon ng pandemya.





***Figura 2***
***Pangunahing suliranin ng guro***

Kauna-unahang suliranin sa pagtuturo ng pananaliksik ngayong panahon ng pandemya ay koneksyon ng internet na kung susuriin ay hindi direktang may kaugnayan sa pananaliksik; subalit malaking bagay upang ang napapagkasunduang modaliti nang pag-aral ay magamit at maipatupad; na tinukoy ng mga guro na pangalawa nilang naging suliranin. Ang koneksyon ng internet at ang modaliti ay makikitang magkaugnay; kung wala o mahina ang koneksyon ng internet tiyak na liban ang mga mag-aaral sa kanilang online class; gayundin naman ang guro na nagsasabing hindi sila nakakapagturo nang maayos sa sandaling humina ang koneksyon ng kanilang internet.
Kinategorya nina Chévez-Reynosa (2021) ang mga karanasan, komento at isyu ng guro at mag-aaral ng ilang piling kolehiyo sa El Salvador ngayong panahon ng pandemya; ito ay nauri sa apat-pangkomunikasyon, pedagohiya, teknolohikal at institusyunal. Lumabas na ang pedagohiya o paraan ng pagtuturo at pakikipagkomunikasyon sa mga mag-aaral ang lumutang na pangunahing suliranin. Tinukoy rin nila ang mabigat na suliraning panteknolohiya sa pagtuturo ay ang platform na kanilang pinagamit sa mga guro. Ito ay pumapalya at madalas hindi gumagana tulad nang pagkawala ng mga impormasyon at paghinto ng iskrin o monitor na dahilan para sabihing mahina ang kapasidad ng platform sa pagtugon ng pangangailangang pang-edukasyon ng guro at mag-aaral. Ang nabanggit na karanasan ng mga guro at mag-aaral sa El Salvador ay kahalintulad rin ng binanggit sa pag-aaral na ito. Madalas na humihinto o nag- freeze ang iskrin sa panig man ng guro at mag-aaral sa gitna ng talakayan dahil nga sa mahinang koneksyon ng internet.
Kapansin-pansin rin na sumunod na naging suliranin matapos ang koneksyon ng internet ay ang interes ng mga estudyante at ang kakulangan ng kaalaman ng guro sa pananaliksik. Mula sa depinisyon ng mahusay at epektibong pagtuturo nina Acheson at Gall (2003) na binanggit sa pag-aaral ni Superville, L. K. (2017); sinabi nila na ang guro ay may kakayahang magbigay ng impormasyon at kaalaman na tutulong na magkaroon ng malawak na kabatiran, kakayahan at pag-unawa sa aralin na nakasunod sa layunin ng kurikulum ang mga mag-aaral. Ang kakulangan ng kaalaman sa pananaliksik ng ilang mga guro ay binigyan ng katwiran. Ilan sa mga ito ang kawalan nila ng panahong gumawa ng pananaliksik.

> *Diumano, madaling ituro ang isang bagay kung naranasan mismo ang paggawa nito. Ang karanasan ko sa pagsulat ng pananaliksik ay noong nasa kolehiyo pa ako. Hindi na ito naulit dahil sa dami ng trabaho sa iskwelahan. Isa pa hindi na ako updated, kaya nagbabasa na lamang ako ng sample at hindi rin ako sigurado kung tama ang nabasa ko.*

Sa kabila nito, handa naman silang tumanggap ng Pagsasanay upang mapanariwa nila ang dati nang kaalaman sa pananaliksik gayundin ang makakuha sila ng bagong impormasyon sa pagsulat ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

pananaliksik. Binanggit rin ng ilang guro na ang mababang interes ng mag-aaral ay sanhi na rin ng kakulangan nila sa pagtuturo lalo na sa pagbibigay ng tiyak na halimbawa.

### 1.4. Gampanin ng Pananaliksik sa Intelektwalisasyon ng Filipino

Masasabing may kaunawaan na ang mga kalahok na guro sa punto de vista ng intelektwalisasyon ng Filipino. Sa kanila rin nagmula ang pangangailangang makabuo ng pananaliksik ang mga guro at mag-aaral gamit ang wikang Filipino upang makaayon at makasabay ito sa globalisasyon.

> *Kung darami ang pag-aaral sa mga karanasan ng tao't lipunan ay lubos na nakatutulong ito sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Ang mga pananaliksik na ito'y magagamit nang lubos sa akademya at mas kapaki-pakinabang ito kung naitatawid sa labas ng akademya—kumbaga'y naaabot ang masa. At sa huli, mas nagiging intelekwalisado ang wikang Filipino kung ito ang midyum na gagamitin sa pananaliksik sapagkat mas nakapook dito ang karanasan ng mga Pilipino.*
>
> *g19*

Sa tuwing mababanggit ang intelektwalisasyon, hindi maikakaila na kakambal nito ang salitang internasyonalisasyon. Ang kakayahan ng ating wika na maitampok ang ganang sarili at patunayan na kaya nitong makipag-unahan sa iba pang banyagang wika ang isinusulong ng mga organisasyon at mga dalubwika. Ang pamantayang global ay pilit na tinatasahan nang makaungos ang wikang Filipino sa kalagayang ikapanlulumo ng lahat.

> *Makatutulong ang pananaliksik sa intelektuwalisasyon ng Filipino sapagkat ito ang nagiging daluyan upang maitampok ang Filipino sa kahingian ng internasyonalisasyon. Sa pananaliksik din umuusbong ang makabagong estratehiya sa pagtuturo ng multi-disiplinaryong paksain.*
>
> *g22*

Kaugnay nito, may mga institusyon ang nagbibigay ng tulong at programa sa mga organisasyon na may malalim na malasakit sa pag-unlad ng wika at iba pang mga wika ng bansa tulad ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at isang maliit na sangay nito ang Sentro ng Wika (SWF). Gayundin ang Sanggunian Filipino (SANGFIL) ng Unibersidad ng Pilipinas ay katuwang sa pagpapaunlad ng wika. Katunayan nito, naglathala sila ng isang sourcebook sa pakikipagtulungan ng walong malalaking pamantasan na may mga Kagawaran ng Filipino. Sa nasabing sourcebook mababasa ang mga sanaysay at lathalain na nagsesentro sa wika at ang kakayahan nito sa paglahok sa globalisasyon; gayundin sa mga aspektong pang-edukasyon, pagsasalin at pananaliksik (Santos,2003).

*"Kung mas marami ang masusulat na pananaliksik sa wikang Filipino, mas makikilala at uunlad ito."* banggit ni g17. Hindi nalalayo ang tugon ni g2 nang banggitin niya na "*magkakaroon ng sapat na kabatiran sa umiiral na pamamaraan sa pananaliksik sa asignaturang Filipino at mapapalawig pa ang interes ng mga guro at mag-aaral sa aspeto ng pananaliksik.*"

Ayon kay Sibayan (1998), ang intelektwal na wika ay ang wikang nagagamit upang maipagkaloob at matamo ang komprehensibong edukasyon sa lahat ng antas ng edukasyon, mula sa kindergarten hanggang sa kolehiyo at mas mataas pa. Kung kaya't pinagdiinan niya na hindi pa intelektwalisadong wika ang Filpino noong dekada nobenta. 'Di umano may proseso na dapat gawin bago masabi na intelektwalisado na ang wika. Ganoon pa man, mula nang mailathala ang kanyang artikulo tungkol sa intelektwalisasyon marami nang pagkilos at programa ang isinagawa at naisakatuparan na ng maraming samahan at dalubwika. Wika nga ni Montemayor (2018), "patuloy na umuunlad ang wika ngayon bilang pagtalima na rin sa Konstitusyon at ang akademiya ay tumutulong sa pag-unlad nito sa produksyon, pananaliksik at malikhaing tala."

### A.2 Karanasan sa pagkatuto ng Pananaliksik

Naisalaysay ng mga mag-aaral ang sarili nilang danas sa pagsulat ng pananaliksik. Bagaman maraming mga bagong paksa ang maaaring saliksikin, hindi maikakaila ang maraming pagsubok na kinakaharap

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ng mga nagsisimulang mananaliksik sa pagsasagawa nito. At ang mga karanasang ito ay malaking tulong sa pagbuo ng mga pamamaraan sa pagsulat ng pananaliksik na angkop sa sistemang pisikal at online.

> *"Hindi po ganun kadali ang naging karanasan ko sa pag-aaral at pagsulat ng pananaliksik sapagkat wala po akong sapat na kagamitan upang maipresenta at maisulat ng maayos ang aming research paper."*
>
> *m7*

> *"Dahil sa pandemya, mahirap ang pakikipag-coordinate sa mga kagrupo dahil sa mahinang koneksyon ng internet, at iba pang mga problema. At ang pagsasagawa ng pananaliksik ay iba sa dahilang wala ang miyembro mo sa paligid mo upang makipagtulungan sa papel, sa virtual na pulong ay minsan hindi sila nakaka-attend."*
>
> *m10*

Ipinakikita na bukod sa suliranin sa mahinang koneksyon ng internet ay nabanggit din ang kakulangan ng partisipasyon ng mga kasamahan ng kanilang pangkat. Marahil dahil sa ang kanilang pagpaplano at pulong ay ginagawa lamang online, nabanggit na ang kawalan pa rin ng maayos na koneksyon ng internet ang kanilang nagiging pangunahing dahilan.

Kaakibat nito, ipinahayag nina Emil at Aminbar (2020) na ang kakulangan sa mabilis na koneksyon sa internet ay maaaring magdulot ng epekto sa antas ng pag-aaral ng mga mag-aaral at maging sa kalituhan ng komunikasyon sa pagitan ng dalawang nag-uusap. Kaya sinasabi nila na malaki ang ambag ng magandang koneksyon ng *internet* sa kasalukuyang moda ng pag-aaral dahil ang lahat ay dito umaasa. Binanggit din nina Khati at Bhatta (2020) na ang mahinang koneksyon ng internet ang pangunahing suliranin ng sektor ng edukasyon sa kasalukuyang panahon.

Samantala, nabanggit naman sa artikulo mula sa "Illinois Online" (2021) na isa sa magandang benepisyo o bentahe ng pag-aaral sa kasalukuyang panahon ng pandemya ay ang nabibigyan ng pagkakataong mag-aral at matuto ang mga estudyante sa sarili nilang oras at lugar kung saan sila higit na komportable.

**Mungkahing Programa**

Isinusulong ng British Educational Research Association (BERA) ang pagbibigay- tuon sa pangangailangang magkaroon ng 'research-rich' na mga paaralan. Prayoridad ng pamahalaan, pambansang ahensya, paaralan, unibersidad at mga samahan ng mga guro ang magtulungan sa paglikha ng epektibong sistema o pamamaraan para sa edukasyon ng guro at propesyonal na pag-unlad sa ilalim ng prinsipyo ng 'pananaliksik na hitik sa katotohanan' (Smither, 2014). Ipinalalagay na malaki ang ambag na maibibigay sa guro ng Pananaliksik kung kaya ang hikayat sa pagbuo ng programa ay pinapanigan ng ilang organisasyon at institusyon maging internasyonal man o lokal.

Sa ulat ni Gordon (2017) Dapat isaalang- alang ang pagdisenyo ng programa; ito ay nararapat na may layong sumuporta sa mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kaalaman, kasanayan at kakayahan. Kaugnay nito, mahalaga ang pakikipagtulungan ng mga organisasyon o institusyon sa pagbuo ng programa upang mapaunlad ang kakayahan ng guro (Eldridge,2021). Ang nasabing propesyonal na pagsasanay ay sinuportahan at pinondohan ng ilang pampubliko at pribadong samahan.

Mula sa mga nabanggit na panitikan at pag-aaral; gayundin sa resulta ng saliksik na ito, iminumungkahi ang programa sa anyong webinar/ seminar nang higit pang hasain ang mga tagapanday ng Pananaliksik at maabot ang hinahangad na intelektwalisasyon ng wika.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| Sesyon | Deskripsyon | Layunin |
|---|---|---|
| Sesyon 1<br>Tema: Action Research, Action Teachers | Ang action research ay isang proseso na unang tumutukoy sa suliranin ng guro, ng isang grupo o institusyon. Ito ay maingat at sistematikong pagbuo ng pananaliksik. | Mabigyan ng sapat na kaalaman ang mga guro sa mga natatanging katangian ng Action Research at mahikayat silang makabuo nito. |
| Sesyon 2<br>Tema:<br>Ang Metodolohiya ng Pananaliksik: Pag-unawa at Pagdadalumat | Ito ay mga pamamaraan at sistematikong tuntunin sa pagtuklas ng mga bagay-bagay gayundin sa pangangalap ng datos. Pagdalumat - Tinutukoy nito ang malalim na pag-iisip o "paglilirip". | Matalakay ang mga metodo sa pagbuo ng pananaliksik; gayundin ang ibang mga disenyo at paraan sa pagkalap ng datos. |
| Sesyon 3<br><br>Tema: Mentor-Mentee: Magkaakbay sa Pagsulat ng Action Research | Ang pangkat -Mentee ay mga guro na lumahok sa dalawang sesyon na nagnananis na makabuo ng papel pananaliksik. Ang pangkat- Mentor ay mga fakulti ng kolehiyo na handang tumulong sa pagkonsepto ng papel ng mentee hanggang sa katapusan nito. | Magabayan ang pangkat-mentee sa pagbuo ng pamagat ng pananaliksik hanggang sa publikasyon nito. |

## KONKLUSYON

Sa pag-aaral na ito, napatunayan ang malalang pagsubok na kinaharap ng mga guro at mag-aaral dulot ng mahinang internet koneksyon noong panahon ng pandemya. Gayunpaman, napagtanto na pareho ang kanilang determinasyon na magampanan ang kanilang mga responsibilidad: ang guro sa paghahatid ng impormasyon at ang mga mag-aaral sa pagsasaliksik at pagsusuri nito; na magiging dahilan upang ito'y makilala at higit na umunlad nang sa ganon masasabi na intelektwalisado na ang wikang Filipino. Bagamat may mga hindi kanais-nais na karanasan at hamon na kinakaharap ang guro at mga mag-aaral sa pagbuo ng papel-pananaliksik, nananatiling positibo ang kanilang pananaw na ang wastong paggamit ng wikang Filipino ay magbibigay ng malaking ambag sa intelektwalisasyon ng wika sa kabuuan.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## MGA SANGGUNIAN


Ang Pagsulat Bilang Kasanayang Pangkomun.docx - MGA LAYUNIN: ARALIN 1 MGA BATAYANG KAALAMAN SA PAGSULAT A. Matalakay ang kahulugan at kalikasan ng | Course Hero. (2019). Coursehero.com. https://www.coursehero.com/file/46251535/Ang-Pagsulat-Bilang-Kasanayang-Pangkomundocx/

Arinto, P. B. (2013). Teaching at a distance in a digital age: perspectives from the Philippines - UCL Discovery.Ucl.ac.uk.https://discovery.ucl.ac.uk/id/eprint/10020020/1/ARINTO%2C%20P.B..pdf

Arinto, P. B. (2016). Issues and Challenges in Open and Distance e-Learning: Perspectives from the Philippines. *The International Review of Research in Open and Distributed Learning, 17*(2). https://doi.org/10.19173/irrodl.v17i2.1913

Batan, C. M. (2015). Wikang Lokal at Filipino sa Pananaliksik: Isang Naratibong Sosyolohikal. *HASAAN*, *2*(1), 1–1. https://ejournals.ph/article.php?id=10010

Chévez-Reynosa, M. N. A. ., Rodríguez-Rosell , M. ., & Aguaded , I. . (2021). "Oh, and Now Who Can Help Us?" COVID-19 and Higher Education in El Salvador. *Journal of Higher Education Theory and Practice, 21*(2). https://doi.org/10.33423/jhetp.v21i2.4132

COROZA, M. M. (2006). Ang Dapat Mabatid ng Sinumang Tutula (O Magtuturo ng Pagsulat ng Tula. *Daluyan Journal Ng Wikang Filipino*. https://www.academia.edu/33959901/Ang_Dapat_Mabatid_ng_Sinumang_Tutula_O_Magtuturo_ng_Pagsulat_ng_Tula

Iii, D., & Mariz, J. (2015). Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko / The Inter-relationship of Language, Research, and Academic Internationalization. *MALAY*, *28*(1), 1–1. https://ejournals.ph/article.php?id=8086

Eldridge, D., Watts, R., Guy, G. M., Ialongo, E., & Zoe, L. (2021). Collaborative Faculty Professional Development: Bringing the Classroom to the Screen. *Journal of Higher Education Theory and Practice, 21*(11). https://doi.org/10.33423/jhetp.v21i11.4666

Estera, J. E. (2021). Webinar sa panahon ng pandemya: Pananaw at kalagayan ng mga guro. *International Journal of Research Studies in Education, 10*(14), 87-94. https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a021

Executive Order No. 335, s. 1988 | GOVPH. (1988). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/1988/08/25/executive-order-no-335-s-1988/

Fortunato, T. F. (2023). Ortograpiyang Filipino: Isang Pag-Aaral sa Istandardisasyon ng Wika. *MALAY*, *9*(1), 1–1. https://ejournals.ph/article.php?id=776



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Gómez, Ángel I. P. (2021). Being a Teacher in an Era of Uncertainty and Perplexity. *Journal of Higher Education Theory and Practice*, *21*(16). https://doi.org/10.33423/jhetp.v21i16.4918

Gordon, L. (2017). Teachers' training needs improvement so students benefit, a new report says. EdSource; EdSource. https://edsource.org/2017/teachers-training-needs-improvement-so-students-benefit-new-report-says/583028

Guro Ako Admin. (2017). Katangian,Karakter at Personalidad ng isang magaling at epektibong guro - Guro Ako. Guro Ako. https://guroako.com/2017/09/05/katangian-ng-isang-magaling-na-guro/

Illinois Online. (2023). Illinois.edu. https://online.illinois.edu/articles/online-learning/item/2017/06/05/5-benefits-of-studying-online-(vs.-face-to-face-classroom)

Jharry, K. (2020). Ang Kalagayan ng Intelektuwalisadong Wikang Filipino at ang Istandardisasyon nito (SINTESIS). Academia.edu. https://www.academia.edu/37435953/Ang_Kalagayan_ng_Intelektuwalisadong_Wikang_Filipino_at_ang_Istandardisasyon_nito_SINTESIS_

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM SENIOR HIGH SCHOOL -CORE SUBJECT K to 12 Core Curriculum -Pagbasa at Pagsuri ng Iba't-Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Disyembre 2013 Pahina 1 ng 7 Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. (n.d.). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/SHS-Core_Pagbasa-at-Pagsusuri-ng-Ibat-Ibang-Teksto-Tungo-sa-Pananaliksik-CG.pdf

Knowledge, Attitudes, Anxiety, and Coping Strategies of Students during COVID-19 Pandemic. (2020). *Journal of Loss and Trauma*. https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/15325024.2020.1769300

Michaela Therese Garcia. (2021). Kwentong Distance Learning: Mga Tinig ng Estudyante, Magulang, at Guro. Los Baños Times. https://lbtimes.ph/2021/06/08/kwentong-distance-learning-mga-tinig-ng-estudyante-magulang-at-guro/

Mutiaraningrum, I., Kalimantan, W., Bambang, I., & Cahyono, Y. (2015). Online Debate in Argumentative Writing Course: Potentials and Challenges. *International Journal of Language and Linguistics*, *2*(4), 43. https://ijllnet.com/journals/Vol_2_No_4_October_2015/6.pdf

Online Discussions: Tips for Students | Centre for Teaching Excellence. (2023). Uwaterloo.ca. https://uwaterloo.ca/centre-for-teaching-excellence/catalogs/tip-sheets/online-discussions-tips-students

Paano Magturo ng Grammar sa isang ESL Class. (2018). Eferrit.com. https://tl.eferrit.com/pagtuturo-ng-grammar-sa-isang-esl-efl-setting/

Pahayag ng Pakikiisa ng Kagawaran ng Edukasyon | Department of Education. (2020). Deped.gov.ph. https://www.deped.gov.ph/2020/05/01/pahayag-ng-pakikiisa-ng-kagawaran-ng-edukasyon/

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Perez, H., Sa, A., Mataas, P., & Ng Lungsod Ng Dagupan, P. (n.d.). PAGPAPAUNLAD SA KAKAYAHAN SA MAUNAWANG PAGBASA NG MGA MAG- AARAL SA GRADE 8 SA PAMAMAGITAN NG ESTRATEHYANG SAMA-SAMANG PAGKATUTO. https://depedro1.com/wp-content/uploads/2019/02/Herbert-Perez.pdf

De, J. (2023). E-Filipino: Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wikang Filipino Sa Sistemang Open and Distance Learning. *DALUMAT E-Journal, 3*(1-2), 1–1. https://ejournals.ph/article.php?id=6215

UPOU Networks. (2016, November). Ang Wikang Filipino sa Pananaliksik at Diskurso | Prof. Jayson D. Petras - UPOU Networks. UPOU Networks. https://networks.upou.edu.ph/8636/wika-kultura-at-lipunan-paksa-2-intro-ni-prof-jayson-d-petras/

Muhammad, M., Robbie Lee Sabnani, Rangga Asmara, Widya Ratna Kusumaningrum, Atsani Wulansari, Gilang Fadhilia Arvianti, Winda Candra Hantari, & Arum Nisma Wulanjani. (2020). ICLLT 2019. *European Alliance for Innovation*. https://eudl.eu/doi/10.4108/eai.12-10-2019.2292227

Public school teachers receive specialized training under the “new normal” in education. (2020). Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2020/10/27/public-school-teachers-receive-specialized-training-under-the-new-normal-in-education/

Sammons, P., & Bakkum, L. (2013). Effective teaching: a review of research and evidence. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED546794.pd

Sibayan, B. P. (1991). The intellectualization of Filipinos. *International Journal of the Sociology of Language*, 1991(88), 69–82. https://doi.org/10.1515/ijsl.1991.88.69

Smither, C. (2014). The role of research in teacher education: Reviewing the evidence. The RSA. https://www.thersa.org/reports/the-role-of-research-in-teacher-education-reviewing-the-evidence

Stafford, J. (2006). The Importance of Educational Research in the Teaching of History. *CANADIAN SOCIAL STUDIES*, p. 40. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1073947.pdf

Superville, L. K. (2017). Teacher Effectiveness in Trinidad and Tobago: The Perceptions of the Major Stakeholders. *Journal of Higher Education Theory and Practice, 17*(5). Retrieved from https://articlegateway.com/index.php/JHETP/article/view/1537

Teknolohiya sa Gitna ng Pandemya Ni Dennis Bergonia | SDO Meycauayan Website. (2023). Sdo-Meycauayan.com. https://sdo-meycauayan.com/2020/08/27/teknolohiya-sa-gitna-ng-pandemya-ni-dennis-bergonia/

The Intellectualization of Filipino - National Commission for Culture and the Arts. (2015). National Commission for Culture and the Arts. https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/the-intellectualization-of-filipino/#:

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.